



MGA TAGUBILIN

94100061

2020-12-01



KIT NG BOOM! AUDIO STAGE II NA SPEAKER SA FAIRING (FLTR)

PANGKALAHATAN

Inirerekomenda ang pagkakabit ng isang dealer.

Numero ng Kit

76000956

Mga Modelo

Para sa impormasyon ukol sa fitment ng modelo, tingnan ang retail na katalogo ng P&A o ang seksyon ng Mga Piyesa at Accessory ng www.harley-davidson.com (Ingles lamang).

Mga Kinakailangan sa Pagkakabit

Amplifier Kit (Piyesa blg. 76000523).

Para sa mga modelong FLTRUSE lamang: Ang hiwalay na pagbili ng harness (Piyesa blg. 69200489) at harness interconnect (Piyesa blg. 69200714) ay kinakailangan.

Loctite[®] 243 Threadlocker at Sealant - Blue (Piyesa Blg. 99642-97).

TALA

HUWAG pagsamahin ang Stage I at Stage II na mga speaker sa parehong sasakyan.

Ang mga speaker na ito ay para LANG sa **2014 at mas bagong** mga Harley-Davidson na audio system. Ang paggamit sa mga speaker na ito sa **2006-2013** na Harley-Davidson mga audio system **AY permanenteng makakasira sa mga ito.** Ang paggamit sa mga speaker na ito sa **2005 o mas maagang** Harley-Davidson na mga audio system **AY permanenteng makakasira sa mga iyon.**

PAUNAWA

Ang Radio EQ ay **DAPAT** i-update ng isang Harley-Davidson dealer **BAGO** paandar ang audio system. Ang pagpapaandar ng audio system bago ang pag-update ng radio EQ ay **AGAD** na makapipinsala sa mga speaker. (00645d)

Ang Radio EQ update gamit ang Digital Technician[®] II diagnostic tool ay:

- Inirerekomenda **bago** ang PAGKAKABIT ng speaker.
- Kinakailangan **bago** PAGAHANIN ang audio system.
- Makukuha lang sa mga awtorisadong dealer ng Harley-Davidson.

▲ BABALA

Ang kaligtasan ng nagmamaneho at pasahero ay nakasalalay sa tamang pag-i-install ng kit na ito. Gamitin ang naaangkop na mga pamamaraan sa manwal ng serbisyo. Kung ang pamamaraan ay hindi abot ng iyong kakayahan o wala kang mga angkop na kasangkapan, ipagawa sa isang dealer ng Harley-Davidson ang pag-i-install. Ang maling pag-i-install ng kit na ito ay maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00333b)

TALA

Tumutukoy ang pahina ng tagubilin na ito sa impormasyon tungkol sa manwal ng serbisyo. Ang manwal ng serbisyo para sa taon/modelo na ito ng motorsiklo ay kinakailangan para sa pagkakabit na ito. Mayroong isa na makukuha mula sa dealer ng Harley-Davidson.

Overload sa Kuryente

▲ BABALA

Kapag nag-i-install ng anumang de-kuryenteng accessory, tiyaking hindi lalampas sa maximum na rating ng amperage ng fuse o circuit breaker na nagpoprotekta sa naapektuhang circuit na binabago. Ang paglampas sa maximum na amperage ay maaaring humantong sa mga pagpalyang elektrikal, na maaaring magresulta sa kamatayan o malubhang pinsala. (00310a)

PAUNAWA

Posibleng ma-overload ang charging system ng iyong sasakyan sa pamamagitan ng pagdaragdag ng napakaraming de-kuryenteng accessory. Kung ang pinagsamang de-kuryenteng accessory na gumagana nang sabay-sabay ay kumokonsumo ng higit pa sa kuryenteng kayang likhain ng charging system ng sasakyan, maaaring madiskarga ng pagkonsumo ng kuryente ang baterya at magdulot ng pinsala sa sistemang elektrikal ng sasakyan. (00211d)

Ang pagbili ng kit na ito ay nagbibigay karapatan sa iyo sa isang espesyal na ginawang software para sa sound equalization na ginagamit kasama ng Advanced Audio System. Ang natatanging equalization na ito ay dinisenyo upang ma-optimize ang performance at sound response ng mga ibabang speaker ng BOOM! Audio fairing. Kung ang kit na ito ay hindi ikinabit ng isang dealer ng Harley Davidson, makukuha ang espesyal na equalization software na ito nang walang bayad sa anumang dealer sa pamamagitan ng Digital Technician II. Maaaring ilapat ang mga presyo ng dealer sa labor para sa proseso ng pag-upgrade.

Nangangailangan ang amplifier na ito ng hanggang **8 amps** na dagdag na current mula sa elektrikal na system.

Mga Nilalaman ng Kit

Tingnan ang Figure 4 at Talahanayan 1 .

PAGHAHANDA

⚠ BABALA

Upang maiwasan ang aksidenteng pag-andar ng sasakyan, na maaaring magdulot ng kamatayan o malubhang pinsala, alisin ang pangunahing fuse bago magpatuloy. (00251b)

1. Tingnan ang manual ng serbisyo. Tanggalin ang pangunahing fuse.

PAGTATANGGAL

1. Tanggalin ang windshield. Tanggalin ang panlabas na fairing. Tingnan ang manual ng serbisyo.
2. Tanggalin ang mga assembly ng grille ng speaker sa fairing. Tingnan ang manual ng serbisyo.
3. Tanggalin ang mga speaker ng fairing.
 - a. Tanggalin ang apat na turnilyong nagkakabit sa speaker sa lalagyan.
 - b. Ilayo ang speaker mula sa lalagyan. Idiskonekta ang mga wire. Tanggalin ang speaker.
 - c. Ulitin sa kabilang panig.
 - d. Itapon ang mga speaker.

PAGKAKABIT

1. Tingnan ang Figure 1 . Ikabit ang mga pangkonektang harness ng speaker (1) sa loob ng lalagyan ng speaker (2) papunta sa mga spade terminal sa likod ng woofer (3). Ang magkakaibang sukat ng mga spade contact ay pumipigil sa hindi wastong pag-assemble.
2. Iposisyon ang speaker sa ibabaw ng bukas na lalagyan ng speaker.

TALA

Ang letrang "A" at "B" ay nakatatak sa panlabas na rim (6) ng speaker.

- Para sa kaliwang speaker, ikutin nang sa gayon ay nasa ibaba ang letrang "B".
 - Para sa kanang speaker, ikutin nang sa gayon ay nasa ibaba ang letrang "A".
3. Iposisyon ang mounting assembly ng midrange speaker (4) sa ibabaw ng woofer. Ikutin ang midrange assembly upang maihanay ang mga butas na pang-mount sa woofer. Iposisyon ang mga wire sa ibabaw ng midrange mounting ring.
 4. Ipirmi sa puwesto ang woofer at mga midrange speaker sa lalagyan gamit ang apat na turnilyo (5). Higpitan.
Torque: 1,6–2,3 N·m (14,2–20,4 in-lbs)




Figure 1. Pagkakabit ng Woofer Speaker

TALA

- Ang mga assembly ng tweeter/grille ng speaker ay nakapartikular sa panig na pagkakabit. Ang kanang grille ay may tekstong "BOOM! AUDIO STAGE II" sa kanan ng housing ng tweeter. Walang teksto ang kaliwang grille.
- Upang paluwagin ang koneksyon ng midrange papunta sa tweeter lead sa Hakbang 5a, i-slide pabalik ang jacket sa ibabaw ng female terminal. Ikonekta ang mga terminal. I-slide ang jacket paabante, sa ibabaw ng mga nakakonektang terminal.

5. Tingnan ang Figure 2 . Ikabit ang assembly ng grille (1):
 - a. Ikonekta ang dalawang indibidwal na lead mula sa midrange speaker tungo sa mga tweeter lead sa grille ng speaker.
 - b. Tiyaking nasa posisyon ang gomang gasket (2) sa palibot ng grille. Tiyaking nasa posisyon ang dalawang clip (3) sa mga tab ng grille (4). Palitan ang mga bahagi kapag nasira o nawala.
 - c. Isingit ang wiring ng tweeter at pangkonekta sa espasyo sa pagitan ng pang-itaas na kanto sa loob ng butas ng speaker sa panloob na fairing at housing ng speaker.
 - d. I-angkla ang tab (4) sa outboard na panig ng butas ng speaker.
 - e. I-angkla ang mga retainer clip ng grille sa mga kutab (5).
 - f. Diinan ang grille sa bawat bahagi ng retainer hanggang sa makarinig ng malakas na click.
 - g. Ulitin sa kabilang bahagi.




Figure 2. Speaker Tweeter/Midrange at Grille

6. **Para sa mga modelong FLTRUSE:** Ikabit ang interconnect harness ng likurang speaker (Piyesa blg. 69200714) at jumper harness ng likurang speaker (Piyesa blg. 69200489), kung saan ang bawat isa ay nabibili nang hiwalay. Ikinokonekta ng likurang jumper harness ang mga speaker sa likod sa fairing amplifier.
 - a. Tukuyin ang likurang audio [162] sa ilalim ng sandalan ng pasahero at idiskonekta [162].
 - b. Ikonekta ang [162A] at [162B] sa mga pantugmang pangkonekta sa **interconnect** harness ng likurang speaker.
 - c. Ikonekta ang four-way [162A] sa **jumper** harness ng likurang speaker sa four-way [162D] sa interconnect harness.
 - d. Gumamit ng cap upang isaksak ang hindi ginagamit na four-way [162C] sa interconnect harness.
 - e. Idaan ang jumper harness ng likurang speaker [162B] sa kahabaan ng wiring caddy papunta sa fairing amplifier. Mainam na pangkonekta [313] para sa mga fairing ng **modelong FLTRUSE**.
7. Tingnan ang Figure 2 . **LAHAT ng modelo:** Iposisyon ang harness (7) sa loob ng panloob na fairing.

8. **Lahat ng modelo maliban sa FLTRUSE:** Ikonekta ang four-way Molex **socket** connector [313B] ng Y-harness sa amplifier harness rear speaker output **socket** [313]. **Mga modelong FLTRUSE:** Ikonekta ang four-way Molex **socket** connector [313B] ng Y-harness sa amplifier harness rear speaker output **socket** [162B].

TALA

Ang adapter harness (9) Figure 2 o adapter harness (10) Figure 4 ay kinakailangan para sa henerasyon ng mga speaker na natukoy sa kit na ito, ngunit maaaring hindi kailangan sa lahat ng mga modelo. Ang ilang mga speaker at harness na mga kombinasyon ay maaaring may mga harness na koneksyon na magkakaiba. Gamitin ang adapter (69200925) upang malutas ang koneksyon.

9. Tingnan ang Figure 4 . Idagdag ang adapter harness (10) mula sa kit.
10. Tingnan ang Figure 2 . Pagtugmain ang adapter harness sa harness (7).

- Ang mga pangkonekta ng Y-harness ay may label na "RH" o "LH" (kanang bahagi o kaliwang bahagi, tulad ng makikita mula sa posisyon ng rider). O kaya, itugma ang mga kulay ng Y-harness sa mga kulay ng wire ng speaker. Iruta ang bawat paa ng harness papunta sa tamang speaker.

11. Isaksak ang mga pangkonekta sa bawat speaker.

⚠ BABALA

Tiyaking dire-diretso at maluwalang ang steering nang walang anumang pumipigil. Ang pagpigil sa steering ay maaaring magresulta sa pagkawala ng kontrol sa sasakyan at pagkamatay o malubhang pinsala. (00371a)

- Tiyaking hindi nababanat ang mga wire, harness, o linya kapag ganap na iniliko pakaliwa o pakanan ang mga handlebar sa mga paghinto sa mga sanga.
12. Tiyaking suwabe at walang nakabara sa pagliko mula sa bawat paghinto tungo sa susunod na paghinto.




Figure 3. Mga Lokasyon ng Mga Fairing Speaker, Amplifier at Mga Tantiyang Koneksyon

PAGKUMPLETO

TALA

Upang maiwasan ang posibleng pagkasira ng sound system, tiyakin na naka-OFF ang ignisyon **bago** ikabit ang pangunahing fuse.

PAUNAWA

Ang Radio EQ ay DAPAT i-update ng isang Harley-Davidson dealer BAGO paandarin ang audio system. Ang pagpapaandar ng audio system bago ang pag-update ng radio EQ ay AGAD na makapipinsala sa mga speaker. (00645d)

1. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Ikabit ang pangunahing fuse.
2. Ipa-update ang Radio EQ sa isang dealer ng Harley-Davidson gamit ang Digital Technician II.

MGA PAMALIT NA PIYESA




Figure 4. Mga Pamalit na Piyesa, Kit ng Boom! Audio Stage II Na Speaker Sa Fairing (FLTR)

Talahanayan 1. Mga Pamalit na Piyesa

Item	Paglalarawan (Dami)	Numero ng Piyesa
1	Speaker assembly (woofer), fairing (2)	76000822
2	Speaker assembly, midrange (2)	76000872
3	Turnilyo (8)	10200376
4	Assembly ng tweeter/speaker grille (kaliwa) (kasama ang item 5-6) Assembly ng tweeter/speaker grille (kanan) (kasama ang item 5-6)	76000870 76000871
5	• Gasket (kaliwa) • Gasket (kanan)	76000917 76000918
6	• Clip (2)	12200025
7	Wire retainer, adhesive na likod (2)	69200342
8	Cable strap (2)	10065
9	Wire harness, tweeter/midrange speaker	69200925
10	Adapter harness (2)	69202459

Impormasyon sa Diagram ng Wiring

Mga Code ng Kulay ng Wire

Para sa mga Wire na lisa ang Kulay: Tingnan ang mga Simbolo ng Diagram/Pangkonekta (Tipikal) . Tinutukoy ng alpha code ang kulay ng wire.

3. I-ON ang ignisyon ngunit huwag paandarin ang makina ng motorsiklo.
4. Sumangguni sa seksyon ng BOOM! BOX INFOTAINMENT SYSTEM sa manwal ng may-ari. I-ON ang radyo. Tiyakin na gumagana ang mga speaker at tama ang paggana ng fader function sa harap/likod. Kung hindi, suriin ang wiring ng speaker. Mangyaring malaman na maaaring makarinig ng ingay, langitngit, at garalgal hanggang sa maikabit ang panlabas na fairing.
5. Tingnan ang manwal ng serbisyo. Ikabit ang panlabas na fairing. Ikabit ang windshield.

HABANG GINAGAMIT

Iwasang direktang makontak ng pressure washer ang mga speaker grille. Maaaring masira ang mga speaker.

Mga Simbolo ng Diagram ng Wiring

Tingnan ang Mga Simbolo ng Pangkonekta/Dayagram ng Mga Kable (Karaniwan). Ipinapahiwatig ng mga bracket [] ang mga numero ng pangkonekta. Ang letra sa loob ng mga bracket ay tumutukoy kung ang housing ay isang socket o pin housing.

A=Pin: Ang letrang A at ang simbolong pin pagkatapos ng numero ng pangkonekta ay tumutukoy sa bahaging may pin ng mga terminal connector.

B=Socket: Ang letrang B at ang simbolong socket pagkatapos ng numero ng pangkonekta ay tumutukoy sa bahaging para sa socket ng mga terminal connector. Kabilang sa ibang mga simbolo na makikita sa mga diagram ng wiring ang:

Diode: Pinapayagan ng diode na dumaloy ang current sa isang direksyon sa isang circuit lang.

Wire break: Ginagamit ang mga wire break upang magpakita ng mga pagkakaiba sa mga opsyon o break sa pahina.

Walang Koneksyon: Dalawang wiring na magkapatong sa wiring diagram na ipinapakita nang walang splice na nagsasabing hindi magkakonekta ang dalawa.

Circuit na papunta sa/mula sa: Ipinapahiwatig ng simbolong ito ang kumpletong diagram ng circuit sa ibang pahina. Tinutukoy din ng simbolo ang direksyon ng daloy ng current.

Splice: Ang mga splice ay kapag may dalawa o mas marami pang wire na magkakonekta sa isang diagram ng wiring. Ang ipinapahiwatig ng splice ay naka-splice ang mga wire sa circuit na iyon. Hindi ito ang totoong lokasyon ng splice sa wiring harness.

Ground: Maaaring uriin ang mga ground bilang malinis o maruming ground. Ang malinis na grounds ay tinutukoy ng (BK/GN) wire at karaniwang ginagamit para sa mga sensor o modyul.

TALA

Karaniwang walang electric motor, coil o iba pang maaaring magdulot ng elektrikal na interperensya sa ground circuit ang malinis na ground.

Ang mga maruming ground ay matutukoy ng isang (BK) wire at ginagamit para sa mga bahaging hindi kasing sensitibo sa elektrikal na interperensya.

Pilipit na pares: Ipinapahiwatig ng simbolong ito na magkapilipit ang dalawang wire sa harness. Binabawasan nito ang electromagnetic na interperensya ng circuit mula sa mga panlabas na pinagmumulan nito. Kung kailangan ayusin ang mga wire, dapat ay manatiling magkapilipit ang mga ito.

Talahanayan 2. Mga Code ng Kulay ng Wire

ALPHA CODE	KULAY NG WIRE
BE	Blue (Asul)
BK	Black
BN	Brown
GN	Green (Berde)
GY	Gray (Abo)
LBE	Light Blue
LGN	Light Green
O	Orange
PK	Pink
R	Red (Pula)
TN	Tan
V	Violet
W	White
Y	Yellow




Figure 5. Mga Simbolo sa Diagram ng Pangkonekta/Wiring




Figure 6. Harness ng Wire ng Tweeter Midrange Fairing